**MGA MAHAHALAGANG SALIK PARA SA PAGBABAWI NG BUHAY-EKKLESIA**

(Biyernes—Sesyon sa Gabi)

Mensahe Tatlo

# Ang Salik ng Ekklesia sa pagiging nasa Tres-unong Diyos, ang mga Ekklesia-lokal ay ang mga Kahayagan ng Katawan ni Kristo, at ang mga Mananampalatayang Nagsasagawa ng Buhay-Ekklesia sa Kamalayan ng Katawan

Babasahin sa Kasulatan: 1 Tes. 1:1; 2 Tes. 1:1; Mat. 16:18; 18:17; 1 Cor. 1:2; 12:12-27

**I. Ang ekklesia ay nasa Tres-unong Diyos—"ang ekklesia ng mga taga-Tesalonica na nasa Diyos Ama at ang Panginoong Hesu-Kristo"—1 Tes. 1:1:**

A. Sa 1 Tesalonica 1:1 ay mayroon tayong pahayag ng malaking katotohanan na ang ekklesia ay nasa namumukod-tanging Diyos at na ang Diyos na ito ay ating Ama ang ang Panginoong Hesu-Kristo:

1. Ang ekklesia ay hindi lamang sa Diyos at kay Kristo; ang ekklesia ay nasa Diyos at na kay Kristo din.
2. Mahalagang makita natin na ang ekklesia sa ating lokalidad ay sa Diyos at nasa Diyos, kay Kristo at na kay Kristo.

B. Ang ekklesia ay binubuo ng mga tao, subalit sila, ang mga mananampalataya, ay nasa Tres-unong Diyos—b. 1; 2 Tes. 1:1.

C. Ang ekklesia ay isang grupo ng mga tao na isinilang ng Diyos Ama kalakip ang Kanyang buhay at kalikasan at naidala tungo sa organikong pakikipag-isa kay Kristo:

1. Upang ang ekklesia ay mapasa Diyos, ang Diyos ay dapat maging ating Ama, at tayo ay dapat magkaroon ng buhay kaugnayang sa Kanya—1 Juan 3:1a:
   a. Sa 1 Tesalonica 1:1 ang salitang *Ama* ay nagpapahiwatig ng isang kaugnayan sa buhay; sa Diyos Ama, tayo ay naisilang na muli, ipinanganak na muli, at ngayon, bilang Kanyang mga anak, tayo ay mayroon isang buhay kaugnayan sa Kanya—Juan 1:12-13.
   b. Ang ekklesia sa pagiging nasa Diyos Ama ay ngpapahiwatig na ang ekklesia ay nasa layunin, plano, pagpili, at pagtatalaga nang una pa ng Diyos—Efe. 1:4-5.
   c. Ang ekklesia sa Diyos Ama ay ang ekklesia sa Isa na namumukod-tanging Tagapagsimula at Maylikha—Roma 11:36; 1 Cor. 8:6; Mat. 15:13.
2. Ang mapasa Panginoong Hesu-Kristo ay ang organikong maipagkaisa kay Kristo sa lahat ng kung ano Siya at ginawa—1 Tes. 1:1; 1 Cor. 1:30:
   a. Sa Panginoong Hesu-Kristo ay mayroon tayong pagtatapos ng lahat ng bagay ng lumang paglikha, sapagkat ang mapasa kay Kristo ay ang mapasa Kanyang kamatayan, ang kamatayan na tumatapos sa lahat ng negatibong bagay—Roma 6:4.
   b. Ang titulong *Kristo* sa 1 Tesalonica 1:1 ay nagpapahiwatig ng lahat ng kayamanan ng pagkabuhay na muli; kaya, ang mapasa kay Kristo ay ang mapasa pagkabuhay na muli—Roma 8:10-11.

D. Ang ekklesia ay nasa naprosesong Tres-unong Diyos—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo—ang Isa na naging Espiritung nagbibigay-buhay kalakip ang Ama at ang Anak—1 Cor. 15:45b; Juan 14:17, 23.

**II. Ang isang ekklesia-lokal ay isang kahayagan ng Katawan ni Kristo sa isang tiyak na lokalidad—1 Cor. 1:2; 10:32b, 17; 12:12-13, 20, 27:**

A. Ang namumukod-tanging Katawan ni Kristo ay naihahayag sa maraming ekklesia-lokal sa dibinong kaisahan gaya ng ito ay kasama ng Tres-unong Diyos at nasa dibinong kalikasan, elemento, esensya, kahayagan, pangsyon, at patotoo; maraming ekklesia, subalit may isang dibinong kalikasan, isang dibinong elemento, isang dibinong esensiya, isang dibinong kahayagan, isang dibinong pangsyon, at isang dibinong patotoo sapagkat ang mga ito ay isang Katawan—Rev. 1:11; John 17:11, 21, 23.

B. Ang ekklesia na inihayag sa Mateo 16:18 ay ang pansansinukob na ekklesia, ang namumukod-tanging Katawan ni Kristo, samantalang ang ekklesia na inihayag sa 18:17 ay ang ekklesia-lokal, ang kahayagan ng namumukod-tanging Katawan ni Kristo sa isang tiyak na lokalidad.

C. Ang isang pansansinukob na ekklesia—ang Katawan ni Kristo—ay nagiging ang maraming ekklesia-lokal—mga lokal na kahayagan ng Katawan ni Kristo—Roma 12:4-5; 16:16.

D. Ang namumukod-tanging Katawan ni Kristo ay naihahayag sa maraming lokalidad bilang maraming ekklesia-lokal—Efe. 4:4; Apoc. 1:4, 11:

1. Ang Katawan ni Kristo ay ang pinagmumulan ng mga ekklesia-lokal—Efe. 1:22-23; 2:21-22.
2. Ang pansansinukob na Katawan ay gaya ng ama sa lahat ng ekklesia, at ang lahat ng ekklesia ay gaya ng mga anak sa ama—Roma 12:4-5; 16:4.

E. Bawat ekklesia-lokal ay bahagi ng namumukod tangi, pansansinukob na Katawan ni Kristo, isang lokal na kahayagan ng Katawang ito—Efe. 4:4; 1 Cor. 1:2; 12:27:

1. Sa pansansinukob, lahat ng ekklesia-lokal ay isang Katawan, at sa panlokal, bawat ekklesia-lokal ay isang lokal na kahayagan ng pansansinukob na Katawan; samakatwid, ang isang ekklesia-lokal ay hindi ang Katawan kundi isang bahagi lamang ng Katawan, isang kahayagan ng Katawan.
2. Ang pansasinukob na Kristo ay may bahagi ng Kanyang sarili sa bawat ekklesia-lokal; bawat ekklesia-lokal ay isang bahagi ni Kristo, at lahat ng bahaging ito ang bumubuo ng Katawan—Efe. 1:23; 2:22.

F. Ang lokal na batayan ng ekklesia ay pangunahing ang namumukod-tanging kaisahan ng Katawan ni Kristo na isinasagawa sa mga ekklesia-lokal—4:4; 1 Tes. 1:1:

1. Kapwa ang pansansinukob na Katawan ni Kristo at ang mga ekklesia-lokal ay namumukod-tanging isa.
2. Mayroon lamang isang namumukod-tanging Katawan sa buong sansinukob, at mayroong isang namumukod-tanging ekklesia-lokal sa bawat lokalidad ayon sa pagkakabanggit.
3. Ang namumukod-tanging kaisahan na ito ay ang pangunahing elemento sa buhay ekklesia—Gawa 1:14; 2:46; 1 Cor. 1:10; Fil. 1:27; 2:1-2.

G. Ang mga ekklesia sa iba’t ibang lokalidad ay para sa pansansinukob na kahayagan ni Kristo—Efe. 1:23; Apoc. 1:4, 11; 22:16a:

1. Ang isang ekklesia-lokal na ginagawang lokal ang lahat ng bagay at naghahayag lamang ng lokalidad nito ay naging isang lokal na sekta, isang lokal na pagkakabaha-bahagi.

2. Ang Lahat ng pangunahing bagay para sa Katawan ay hindi lokal—ang Espiritu, si Kristo, ang Diyos, ang Biblia, ang pagtuturo ng mga aspostol, at ang pagsasalamuha ng mga apostol.

H. Sa ating pagsasaalang-alang ang Katawan ay dapat ang una at ang mga ekklesia-lokal ay dapat na ikalawa—Mat. 16:18; 18:17; Efe. 4:4, 16; 2:21-22; 1 Cor. 12:12; 1:2:

1. Ang mga ekklesia-lokal ay mga pamamaraan na kinukuha ng Diyos upang marating ang gol ng Kanyang ekonomiya—ang Katawan ni Kristo—Roma 16:1, 4, 16; 12:4-5.
2. Dapat nating isaalang-alang ang ating ekklesia-lokal bilang isang bahagi ng Katawan ni Kristo—1 Cor. 1:2; 10:16-17; 12:12-13, 20, 27.

**III. Sa pagsasagawa ng buhay-ekklesia, kailangan tayong magkaroon ng kamalayan ng Katawan—bb. 12-27:**

A. Upang mataglay ang buhay Katawan, dapat tayong mapunuan ng pandama para sa Katawan, kinukuha ang pandama ng Ulo bilang ating sariling pandama—Roma 12:15; 1 Cor. 12:26-27; Gawa 9:4-5:

1. Kung tayo bilang mga sangkap ay mayroong pandama ng Ulo sa lahat ng bagay at nagpapahalaga sa Katawan, kukunin natin ang Katawan bilang ang panuntunan sa ating kaisipan, mga pag-iisip, mga salita, at mga gawa—Efe. 4:15-16; Col. 2:19.
2. Dapat nating itatwa ang ating mga sarili at mapagkilalang kasama ang ating mga sarili sa Katawan (Mat. 16:24; Roma 12:4-5, 15; 1 Cor. 1:2; 12:12-27); kung gagawin natin ito, ang buhay na ating ipinamumuhay ay magiging ang buhay Katawan, at matatamo ng Panginoon ang kahayagan ng Katawan—Efe. 4:15-16; 1:22-23.
3. Ang ating pagtatamasa kay Kristo ang nagsasanhi sa atin na mamalayan ang Katawan ni Kristo—Col. 2:16-17, 19.

B. Anuman ang ating ginagawa ay sinasangkot ang Katawan; samakatwid, sa tuwing tayo ay gumagawa ng isang bagay, dapat tayong magkaroon ng wastong pagsasaalang-alang sa Katawan—2 Cor. 8:21; Efe. 4:16:

1. Hindi tayo dapat gumawa ng anumang bagay na hindi pinahahalagahan ang Katawan—1 Cor. 12:12-27.
2. Kailangan nating isaalang-alang kung anong madarama ng Katawan tungkol sa ating ginagawa at kung paano ang magiging reaskyon ng Katawan, ng pagbabawi.
3. Kung paano natin uugaliin ang ating mga sarili ay nakasalalay sa antas ng ating pagkakita sa Katawan.
4. Kung tayo ay nasa isang puso't kaisipan sa ating ekklesia-lokal lamang at hindi nagpapahalaga sa ibang ekklesia, ang ganitong isang puso't kaisipan ay isang sekta, isang pagkakabaha-bahagi—Gawa 1:14; 15:25.
5. Kung pangangalagaan natin ang Katawan at may malasakit para sa Katawan, walang magiging mga suliranin—Efeh. 4:4, 16.

C. Sa gitna ng mga ekklesia na bumubuo ng isang pansansinukob na Katawan ni Kristo ay walang organisasyon, subalit mayroong salamuha ng Katawan ni Kristo—Gawa 2:42; 1 Juan 1:3; 1 Cor. 1:9; 10:16-17; 11:29:

1. Lahat ng ekklesia sa lupa ay isang Katawan, at sa loob ng isang Katawang ito ay mayroong sirkulasyon ng dibinong buhay—ang salamuha ng Katawan—1 Juan 1:3.

2. Ang salamuha ay may kaugnayan sa kaisahan; ang sirkulasyon ng dibinong buhay sa Katawan ay dinadala ang lahat ng sangkap ng Katawan tungo sa kaisahan—Efe. 4:3-4; Roma 16:1-23.
3. Ang mga ekklesia-lokal ay dapat magsalamuha sa lahat ng mga tunay na ekklesia-lokal sa buong mundo upang panatilihin ang pansansinukob na salamuha ng Katawan ni Kristo.
4. Bagama't ang administrasyon ng ekklesia ay lokal (Gawa 14:23), ang salamuha ng ekklesia ay pansansinukob (2:42); may mga ekklesia sa maraming lungsod, subalit may isang salamuha sa buong sansinukob.

*© 2021 Living Stream Ministry*